



Ang White House Initiative on Asian Americans and Pacific Islanders

FACT SHEET: AAPI at Walang Dokumento? Mamuhunan sa Iyong Kinabukasan

Humigit-kumulang 1.5 milyong indibiduwal na walang dokumento na may pinanggalingang Asyano ay kasalukuyang namumuhay nang patago.¹ Marami sa kanila ay mga kabataan, na dahil sa kanilang kalagayan sa imigrasyon, ay hindi kayang abutin ang kanilang ganap na potensyal.

“Sila ay mga Amerikano sa kanilang puso at isipan, sa bawat paraan maliban sa isa: sa papel. Dinala sila sa bansang ito ng kanilang mga magulang—ang iba ay habang mga sanggol pa lamang—at kadalasan ay hindi nila alam na wala silang dokumento hanggang sa mag-apply sila sa isang trabaho o lisensya sa pagmamaneho, o isang scholarship sa kolehiyo. Ilagay mo ang sarili mo sa kanilang katayuan. Ipagpalagay mo na ginawa mo ang tama sa buong buhay mo – nag-aral nang mabuti, nagsipag sa trabaho, maaaring nagtapos bilang pinakamagaling sa klase – para lamang biglang harapin ang banta ng deportasyon sa isang bansa na hindi mo kilala, na may wika na maaaring hindi mo man lang sinasalita.”

–Presidente Barack Obama, Hunyo 15, 2012

Deferred Action for Childhood Arrivals (DACA)

Noong Hunyo 15, 2012, ipinahayag ng Administrasyong Obama na ilulunsad ng Department of Homeland Security ang Deferred Action for Childhood Arrivals (DACA). Pinahihintulutan ng patakarang 2012 DACA na humiling ng pansamantalang kaluwagan sa pagdedeport ang ilang mga indibiduwal na walang dokumento na nakarating sa Estados Unidos bilang mga bata. Susuriin ang mga ito nang isa-isa at, kung naaangkop, mabibigyan din sila ng pagkakataong mag-apply para sa pahintulot na magtrabaho.

MAHIGIT SA 130,000 MGA AAPI NA WALANG DOKUMENTO AY MAAARING HUMILING NG DACA



ANG MGA KOREANO, PILIPINO, TSINO, AT INDIYAN

AY KARAMIHAN SA MGA MAAARING KARAPAT-DAPAT SA ILALIM NG PATAKARANG 2012 DACA

PINAGMULAN: JOURNAL ON MIGRATION AND HUMAN SECURITY 2, NO. 4 (2014)

Tinatantiya na may mahigit sa 130,000 indibiduwal na walang dokumento na may pinanggalingang Asyano ay maaaring humiling ng konsiderasyon sa DACA.² Ang karamihan ay naninirahan sa malalaking estado tulad ng California, New York, at Texas, ngunit marami rin ang naninirahan sa mga estado tulad ng Florida, Georgia, at North Carolina. Ang mga Koreano, Pilipino, Tsino, Indiyano, at Biyetnames ay karamihan sa mga maaaring maging karapat-dapat sa ilalim ng patakarang 2012 DACA. Bilang karagdagan, marami rin sa mga galing sa Pasipiko hanggang Silangang Asya ay potensyal na tatanggap ng DACA.

¹ Pagsusuri ng United States Census Bureau na American Community Survey (ACS) Public Use Microdata (PUMS). Para sa metodolohiyang ginamit upang tantiyahin ang populasyon ng walang dokumento, tingnan ang Robert Warren. “Democratizing Data about Unauthorized Residents in the United States: Estimates and Public-Use Data, 2010 to 2013.” *Journal on Migration and Human Security* 2, no. 4 (2014).

² Pagsusuri ng United States Census Bureau na American Community Survey (ACS) Public Use Microdata (PUMS). Para sa metodolohiyang ginamit upang tantiyahin ang populasyon na karapat-dapat sa DACA, tingnan ang Robert Warren. “Democratizing Data about Unauthorized Residents in the United States: Estimates and Public-Use Data, 2010 to 2013.” *Journal on Migration and Human Security* 2, no. 4 (2014).

Epekto ng DACA

Ipinapakita ng mga survey sa mga nakatanggap ng DACA na marami ay nakakahanap ng mga trabaho na may mas maayos na kita, na pinahihintulutan makatulong ng pinansyal sa kanilang mga pamilya; nakakahanap ng mga trabaho na mas naaangkop sa kanilang edukasyon at pagsasanay; at nagkakaroon ng mga karagdagang pagkakataong pang-edukasyon.³ Ito ay tumutulong na pataasin ang mga sahod at nagbibigay ng mga pagkakataon para sa mga manggagawang ipinanganak sa Estados Unidos.⁴

"Bago ang DACA, isang kahig, isang tuka lamang ako na papalit-palit ang trabaho. Ngayon, nagtatrabaho na ako sa isa sa mga pinakamalaking kumpanya sa buong mundo at kaya kong tustusan ang aking pamilya. Pagkatapos ng DACA, hindi ko lamang iniisip ang makaraos, ngunit nakatuon na ako sa pag-unlad."

– Sagar Patagundi, Louisville, KY (Nakatanggap ng DACA)

PAGKATAPOS MAKATANGGAP NG DACA, ANG MGA NAKATANGGAP AY LUMIPAT SA ISANG TRABAHO:



NA MAY MAS MAAYOS NA KITA 69%



NA MAS NAAANGKOP SA KANILANG
EDUKASYON AT PAGSANAY 57%



NA MAY MAS MAGAGANDANG
KONDISYON SA TRABAHO 54%

PINAGMULAN: WONG/NILC/CAP SURVEY OF DACA RECIPIENTS. HUNYO 2015

imigrasyon. Dahil sa DACA, nakapagtrabaho ako sa klinikal na pananaliksik at ngayon ay nasa unang taon na ako ng paaralan ng medisina. Pinahintulutan ako ng DACA na makapag-aral sa isa sa mga pinakamahasay na paaralan ng medisina sa buong bansa."

– Marcela Zhou, Los Angeles, CA (Nakatanggap ng DACA)

Paano Humiling ng DACA

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa DACA, pati na rin kung paano mag-file ng kahilingan ng konsiderasyon sa DACA, pumunta sa U.S. Citizenship and Immigration Services: <http://www.uscis.gov/daca>.

Pumunta sa www.whitehouse.gov/aapi upang malaman ang higit pa tungkol sa White House Initiative on Asian Americans and Pacific Islanders, na nasa U.S. Department of Education.

CHECKLIST NG DACA

- MAS BATA PA SA 31 TAONG GULANG NOONG HUNYO 15, 2012
- NAKARATING SA ESTADOS UNIDOS BAGO ANG IKA-16 NA KAARAWAN
- PATULOY NA NANINIRAHAN SA U.S. SIMULA NOONG HUNYO 15, 2007 HANGGANG SA KASALUKUYAN
- PISIKAL NA NASA U.S. NOONG HUNYO 15, 2012 AT SA PANAHON NG AMING KAHILINGAN NG KONSIDERASYON SA DEFERRED ACTION NG USCIS
- WALANG LEGAL NA KATAYUAN NOONG HUNYO 15, 2012
- KASALUKUYANG MAG-AARAL, NAKAPAGTAPOS NA O NAKATANGGAP NG SERTIPIKADO NG PAGKATAPOS NG MATAAS NA PAARALAN, NAKATANGGAP NG SERTIPIKADO NG GENERAL EDUCATION DEVELOPMENT (GED) O ISANG BETERANONG MARANGAL NA ITINIWALAG NG UNITED STATES COAST GUARD O ARMED FORCES.
- HINDI NAHATULAN NG ISANG MABIGAT NA KRIMEN, SERYOSONG PAGLABAG SA BATAS, O TATLO O MAHIGIT PANG IBANG PAGLABAG SA BATAS. AT HINDI SA IBANG PARAAN NAGIGING ISANG BANTA PARA SA PAMBANSANG SEGURIDAD O PAMPUBLIKONG KALIGTASAN

PINAGMULAN: USCIS

"Sa palagay namin, ang mga kabataang nakatanggap ng DACA ay mga indibiduwal na matatalino at may mataas na motibasyon, at lalo nilang pinalalakas ang workforce ng Estados Unidos. Binibigyan ng DACA ang mga indibiduwal na ito ng pagkakataong ipakita ang kaya nilang gawin, at bilang employer, sabik kaming makita kung gaano kalayo ang maaari nilang maabot."

– Cathy Cha, San Francisco, CA (Employer)

"Bago ang DACA, hindi ako sigurado sa aking hinaharap sa bansang ito, ngunit may pag-asam akong maging doktor balang araw. Gayunpaman, hindi ko akalaing aabot ako sa paaralan ng medisina, lalo na noong ang pagboboluntaryo sa klinikal na setting ay naging napakahirap dahil sa aking kalagayan sa

³Tom K. Wong, Kelly K. Richter, Ignacia Rodriguez, at Phillip E. Wolgin. "Results from a Nationwide Survey of DACA Recipients Illustrate the Program's Impact," Hulyo 9, 2015. <https://www.americanprogress.org/issues/immigration/news/2015/07/09/117054/results-from-a-nationwide-survey-of-daca-recipients-illustrate-the-programs-impact/>. Roberto G. Gonzales et al. "DACA at Year Three: Challenges and Opportunities in Accessing Higher Education and Employment," Pebrero 25, 2016. <http://www.immigrationpolicy.org/special-reports/DACA-at-Year-Three-Challenges-and-Opportunities>.

⁴White House Council of Economic Advisors. "The Economic Effects of Administrative Action on Immigration." Nobyembre 2014. https://www.whitehouse.gov/sites/default/files/docs/cea_2014_economic_effects_of_immigration_executive_action.pdf.